

Chapter One

“Tulungan mo ’ko, Bae!” bulalas ni Lizzie Soriano pagkabukas na pagkabukas ng pinto ng condo unit ng best friend niyang si Bailey.

Namimilog sa panic, puyat at desperasyon ang mga mata niya habang nakatingin sa lalaking naniningkit naman sa kanya. Halatang nagising niya ito. Magulo at tayu-tayo ang buhok nito at may guhit pa ng unan sa pisngi. He looked sleepy and grumpy and adorable.

He was also mostly naked.

Ang suot lang nito ay isang pares ng itim na boxer shorts na may print ng mga larawan ni *Patrick Star* mula sa *SpongeBob SquarePants* cartoons na regalo niya rito noong Pasko. The rest of his leanly muscled

body was bare. Kahit pa nama-magnet pababa sa abs— and lower—ang mga mata ni Lizzie, pinanatili niya ang tingin sa guwapong mukha ni Bailey.

“Do you have any idea what time it is?” he asked.

“Yeah, it’s 2 AM.” Itinulak niya ito para tumabi ang lalaki bago siya pumasok ng condo nito. Wala itong nagawa kundi bumuntong-hininga at isara ang pinto sa likuran niya.

Pareho silang nagtatrabaho sa isa sa pinakamalalaking ad agencies sa bansa at magkasama rin sila sa iisang team. Nitong huli, ang project nila ay para sa isang series ng TV commercials ng isang sikat na fast food chain na kilala sa pagkakaroon ng magaganda at meaningful na mga ads. Si Lizzie ang na-assign na head copywriter para sa ad na gagawin nila ngayon habang si Bailey ang artist.

“Hindi ka pa ba natutulog?” Nakabusangot ang mukha ng binata.

“Energy drink,” simpleng sagot ni Lizzie habang palakad-lakad sa sala ng lalaki.

May naging malaking aberya kasi sa ad campaign. Series sana ng limang ads iyon dapat para magmukhang mini-teleserye. Bumenta kasi iyong una kung saan ang reel and real life loveteam na sina Jairus Lazaro at Nicole Hernandez ang mga bida. Ang kaso, bago pa magawa ang pangalawang ad, nag-break ang

dalawa. Nagpaka-gentleman si Jairus at nag-give way na lang sa ex. Ito ang nag-back out sa ad campaign.

Ang gusto ngayon ng client ay isang commercial na magpapakitang naka-move on na si Lizzie lalo na't ang susunod na product na ia-advertise ay bagong produkto ng fast food restaurant. Bagong product, bagong ka-love team. Iyon ang gusto ng kliyente.

For some reason, romance sells. Kapag kumuha ng dalawang artista, kahit minsan ay hindi masyadong bagay, kapag na-package na sila bilang love team ay siguradong magkakaroon ng following.

“May writer’s block yata ako. Hindi ko talaga maisip kung paano ko pagtatagpuin si Nicole at ’yung supposed hero niya sa bagong ad. Deadline ko na in three days!”

Nakasimangot pa rin, lumapit si Bailey sa kanya at hinagip ang kamay niya saka siya hinila papunta sa kuwarto. Itinulak siya nito sa kama bago nahiga sa tabi niya, pagkatapos ay ipinulupot ang braso at binti sa katawan niya.

“Bae, kailangan kong magtrabaho,” sabi niya nang madamang unti-unti nang nakakatulog muli ang binata habang nakayakap sa kanya.

“Alas dos ng madaling araw, Eliza. Sa hitsura mo, kailangan mong magpahinga at matulog. Kaya hindi gumagana ’yang utak mo, eh. Mag-order tayo ng

almusal bukas paggising natin. Saka natin i-brainstorm 'yang problema mo," he mumbled into her hair.

Marahas siyang bumuntong-hininga na para bang napipilitan. Gising na gising pa kasi talaga ang diwa niya matapos lumaklak ng isang boteng *Vitamilk*. Pero naisip niyang pumayag na lang din. Ang sarap kaya ng puwesto niya ngayon.

"Fine. Basta libre mo."

"Basta tumahimik ka na."

"Okay, okay. Sweet dreams, Bailey."

"Love you, Lizzie."

"Love you, too."

Nag-relax si Lizzie sa mga bisig ni Bailey at pinakiramdaman ang kaibigan hanggang sa tuluyan na itong nakatulog. Noon siya bumuntong-hininga at sumandal sa matipuno nitong katawan.

Ang sabi ng mga mommies nila na matalik na magkaibigan, nasa sinapupunan pa lang daw sila ng mga ito, best friends na rin sila. Pareho sila ng birthday. Nauna lang ipinanganak si Bailey sa kanya ng ilang minuto. Pinagtabi raw sila ng mga nanay nila sa isang crib minsan at pagkatapos niyon ay iyak na raw sila nang iyak kapag pinaghihiwalay.

Nang matuto na silang magpagulong-gulong sa crib, ganito raw ang unang-unang posisyon nilang dalawa ng kaibigan nang makatulog si Bailey. Siya raw

ang ginawa nitong teddy bear.

Sabay silang lumaki, pumasok sa school, at nagdalaga at nagbinata. Noong college lang sila nahiwalay dahil Mass Comm ang course ni Lizzie samantalang Fine Arts ang kinuha ni Bailey.

Matagal na niya itong crush kung magpapaka-honest siya sa sarili niya, mula pa noong ma-realize niyang lalaki ito at babae siya.

Boyfriend material kasi ito, guwapo, matalino, mabait, masipag, at maganda ang relasyon nilang dalawa. Habang tumatagal, lalo siyang nahulog para rito.

Matagal niyang pinag-isipan kung sasabihin dito ang nadarama. Una siyang naglakas-loob noong fourteen siya pero bago pa niya maamin kay Bailey ang hidden desire niya rito, sinabi nito na may gusto na itong ligawan na eventually, ay naging first girlfriend nito.

Iyon din ang first heartbreak ni Lizzie.

Siguro, talagang itinakda silang maging magkaibigan lang. Ang consolation na lang niya siguro ay kung ang *girlfriends* ay dumating-umalis sa tabi ni Bailey, heto siya, nasa buhay pa rin nito.

Nang maramdamang tuluyan nang lumalim ang tulog ng binata, dahan-dahang humarap dito si Lizzie at pinagmasdan ang mukha nito.

Super cute talaga ng best friend niya. He had a boyish face that made him look a lot younger than his age. Twenty-five na silang dalawa pero mukha pa ring teenager si Bailey. Hindi nakatulong na ang haba ng mga pilikmata nitong parang pambabae. Pero hanggang doon lang ang pagiging innocent little boy nito. The rest of his body was all masculine sexiness that made her hot.

Dahil tulog ito at walang malay, bumaba sa katawan ng lalaki ang mga mata ni Lizzie. Tamad mag-gym ang binata pero masipag itong mag-jogging, lumangoy at mag-soccer. Siya ang ultimate fan girl nito nang sumali ito sa varsity soccer team noong college sila. Hindi malaki ang katawan nito pero defined na defined naman ang mga muscles sa mga braso, mga binti, at abs.

Bumuntong-hininga siya at marahang lumapit dito para sumiksik sa dibdib nito. Mas humigpit ang yakap ni Bailey sa kanya pero nanatili itong mahimbing na natutulog. She smiled and settled comfortably against him to listen to his breathing.



Tinanggap ni Lizzie ang paper bag ng almusal mula sa delivery boy at binayaran ito gamit ang perang dinukot niya mula sa wallet ng natutulog pang

kaibigan. Nakatulog naman siya kanina pero maaga ring nagising. Siya na ang nag-order ng pagkain nila mula sa pinakamalapit na restaurant na nagse-serve ng paborito nilang tapsilog at tosilog. Nang masuklian siya ng lalaki, nagpasalamat siya at isinara ang pinto.

Iniwang niyang nakabukas ang blinds sa bintana kaya maliwanag ang condo dahil sa sinag ng papasikat nang araw. Maliit lang ang unit pero cozy iyon. Ganoon na ganoon din ang unit niya na nasa tapat lang ng sa kaibigan.

Noong una, inisip nila kung kukuha na lang sila ng isang two-bedroom unit para share na lang sila pero nanlaki ang butas ng ilong ng daddy niya nang mabanggit niya iyon. Hindi raw magandang tingnan. Kaya minabuti na lang nilang maghiwalay ng tirahan. Pero parang ginawa lang nilang kuwarto ang mga units nila dahil naglilipatan lang sila kapag kakain na sila o kapag matutulog na.

Kabababa pa lang niya ng paper bags ng almusal sa dining table nang bumukas ang pinto ng silid ni Bailey. Mukhang nakapahinga na ito. Gulu-gulo pa rin ang buhok nito pero at least hindi na ganoon kasungit ang ekspresyon. And to her great disappointment, naka-T-shirt na rin ito.

“Almusal,” pabulong nitong saad nang makita ang paper bags bago maingat na lumapit sa mesa na

para bang natatakot na baka namalikmata lang ito. Nakaismid si Lizzie habang pinapanood na mabagal nitong inangat ang takip ng kahon ng tapa at huminga nang malalim na halos nakadikit ang ilong sa pagkain.

“Kaya kita mahal na mahal, alam mo ’yun?” sabi nito, inilabas ang mga pagkain mula sa paper bag saka naupo.

“Oo, alam ko.” Naupo na rin siya. Itinulak niya sa isang tabi ang laptop, notebook at mga ball pens na binalikan niya sa unit niya kanina para makapagtrabaho sa dining room ni Bailey. Hinila niya palapit ang container ng tosilog niya.

“So,” simula nito bago tumayo para magpunta sa ref at kumuha ng tubig. “Yung bagong ad?”

“Yup,” sabi ni Lizzie na puno ang bibig. One thing about being with Bailey, hindi niya kailangang magpaka-demure. Mahal siya nito kahit mas malakas pa siyang kumain dito. “Kailangan ko ng tulong mo kasi wala talaga akong maisip na kwento.”

“Ano na’ng nagawa mo?”

“Wala. As in wala. Ang pangit nilang lahat. Mga super cliché, super corny, nasulat ko na, etc., etc.”

Nagbalik si Bailey sa mesa na may dalang mga baso at isang pitsel na tubig.

“Ikaw ba? Paano mo ba in-imagine na makikilala mo si Nicole?”

“Marami ’yun,” sagot ng lalaki. Super crush kasi nito ang artista.

“Give me one example.”

“Isa na ’yung makikita niya ako habang magkasama sila ni Jairus, ’tapos iiwan niya ’yung boyfriend niya nang makalimutan niya ang lahat dahil sa kaguwapuhan ko,” napapabuntong-hiningang saad nito.

She snorted. “Huwag ’yun. ’Yung mas realistic dapat. ’Yung p’wede kong i-propose kay Hershey na hindi siya gugulong sa katatawa.”

He made a face at her. “Ano ba ang gusto nating palabasin sa ad?”

“Gusto nilang ipakita na mag-move on to a new love siya kasi i-introduce din natin ’yung bagong burger nila.”

Hindi niya sigurado kung gising na ba talaga ang diwa ni Bailey dahil ngumunguya man ito ng tapa, nakapikit naman ito. Pinanood lang niya ito, naghihintay na magsalita ang kaibigan o bigla na lang itong masubsob sa pagkain at nakatulog na ulit.

“May idea ka na ba kung sino ang gusto mong partner niya?” tanong nito mayamaya para patunayang gising ito.

“Ang gusto ko sana ay ’yung unknown. Ayoko ng sikat na. So kailangan din nilang maghanap ng model

na: one, may chemistry sila ni Nicole; two, bagay sa ad; and three, mag-a-appeal sa mga tao. Saka dapat super guwapo ni Kuya para may impact! 'Yung as in malilimutan ng manonood na si Jairus Lazaro dapat 'yung nasa commercial!"

"Kung gan'un, madadalian kayo. Lahat naman ng lalaki mas guwapo kay Jairus."

Tumawa si Lizzie. "Hanggang ngayon ba bitter ka pa rin? Move on na tayo."

Nagpatuloy lang ito sa pagkain. "May naisip ako."

"Okay," she urged expectantly.

"Paano kung guwapong crew ang maging hero niya? Madalas siyang magpunta d'un sa fast food chain, di ba? So sabihin natin na una, napansin niya si Kuya na naglilinis ng mga mesa. 'Tapos next cut, siya 'yung nag-deliver ng pagkain kasama 'yung bago nilang burger sa mesa ni Nicole. 'Tapos sa huli, manager na si hero, gan'un. Para ipakita mo na masipag siya para kahit gan'un ang trabaho niya, bagay pa rin siya sa isang katulad ni Nicole Hernandez." Tiningnan siya ng kaibigan. "Ikaw na ang bahalang magdagdag ng romance aspects at mahina ako d'yan."

"Oh, my gosh," mabagal niyang saad. Parang nakita niya sa isip ang progression ng kwento ni Bailey.

Si Nicole, pinagbuksan ng pinto ng guwapong crew sa opening scene. Then bago na ang damit ni

Nicole para ipakita na ibang araw na 'yun, at hahatidan ang babae ng pagkain ni Kuya, then last scene, lalabas si Nicole ng branch ng restaurant, nasa labas na si Kuya, manager na ang uniform at hinihintay na si Nicole sa tabi ng isang kotse habang may dalang bulaklak.

“Oh, my gosh, Bae! That might actually work!”

Nagkibit-balikat ang lalaki. “Gan'un talaga.

Magaling ako, eh.”

She squealed, jumped out of her seat to hug him. “I love you! You're so awesome.”

“Matagal ko nang alam 'yun. Sabihin mo lang sa 'kin kung paano mo gusto 'yung storyboard para masimulan ko na.”

“I have to write!” tili niyang muli bago binitawan si Bailey at bumalik sa puwesto niya. Hinila niya ang laptop palapit para masimulan na ang trabaho.

“Ubusin mo na muna 'yang pagkain mo.”

“Mamaya na! Baka malimutan ko 'to.” Nagsimula siyang mag-type sa blank document pero napahinto at nilingon ang best friend. “Thank you for the idea,” she said with a sweet smile.

“You're welcome,” nakangiti ring saad ni Bailey. “Nakatulog ka ba? Hindi ka na matutulog ulit mayamaya?”

Sinulyapan niya ito ulit. “Nakatulog naman na ako.

Bakit?”

“Gusto mong lumabas?”

Umiling siya. “Gagawin ko muna ’to. Saka sa totoo lang, tinatamad ako. Gusto ko lang humilata, mag-food trip at mag-movie marathon siguro.”

“Sige. Tinatamad din naman ako. Dito na lang tayo, ha. Kesa lumipat pa tayo sa unit mo.”

“Tamad nito! Tatawid lang tayo ng hallway!”

“Sige na. Mas malaki ang TV ko.”

Muling umikot ang eyeballs niya pero sa loob-loob niya, nagpapapalakpak siya. Hihindian pa ba niya ang pagkakataon? Of course not!

“Fine,” sabi niya. “Mapilit ka, eh.”



Chapter Two

The client loved the idea dahil ibinenta nila ang ad bilang positive portrayal hindi lang ng pagkain ng fast food kundi maging ng mga empleyado nito. Maging si Nicole ay natuwa sa idea at pabirong nagpasakalye sa *Twitter* na masyado nitong mahal ang fast food restaurant, pati tuloy sa crew ay na-in love ito. Sinamahan nito ng #newTVCsoon ang tweet kaya nagkagulo ang mga fans ng dalaga.

Nang dumating ang araw ng audition para sa future on-screen partner ni Nicole, naroon din si Lizzie para manood. Kasama niya dapat si Bailey na makikiusyoso pero mahuhuli lang daw ito sandali dahil may gagawin pa. Excited ito dahil ngayon lang nito makikilala si Nicole.

Nag-set up sila sa studio ng kunwari ay isang booth sa fast food restaurant at doon kasalukuyang nakaupo si Nicole, kausap ang manager nito habang naghihintay.

Maganda talaga si Nicole. Hindi nakakasawang tingnan ang mukha nito. Nangungusap ang mga mata ng dalaga at lagi pa itong nakangiti. Kung ano ang iginanda ng mukha nito, ganoon din kaganda ang ugali kaya hindi nakapagtataka na marami ang may gustong makatrabaho ito.

Personal din nitong kinausap si Lizzie kanina para sabihing kinilig ito sa konsepto ng ad niya at para magpasalamat din dahil nagawan daw niya ng paraang maging maganda at positibo ang mga ads sa kabila ng current heartbreak nito. Siyempre, tumaba ang puso ni Lizzie.

May kumatok sa pinto saka iyon bumukas para papasukin ang susunod na mag-a-audition. Ini-interview pa kasi muna ang mga ito sa labas bago ipakilala kay Nicole sa loob para tingnan kung may chemistry ang dalawa.

Guwapo ang lalaking sumunod na pumasok, matangkad, moreno, at halatang may kumpiyansa sa sarili. Ngumiti ito sa kanila, kumindat pa kay Lizzie nang magtama ang kanilang mga paningin bago nito sinalubong ang manager ni Nicole para magpakilala.

Umikot ang mga mata ni Lizzie. *Guwapung-guwapo naman sa sarili 'to.*

Binigyan ito ng instructions ng direktor bago ito iniwan. Simple lang naman ang gagawin. Dadalhin nito ang tray sa mesa ni Nicole, saglit silang magtititigan at magngingitian, bago ito maglalakad palayo, lilingon at ngingiti ulit. Iyon lang.

Ang ginawa nito, ibinaba nito ang tray, nagkunwaring ibinaba ang lahat ng mga laman niyon sa harapan ng Nicole, hinaplos pa ang buhok ng babaeng halatang nabigla, bago ito tumalikod sa mesa. At nang lumingon itong muli para tingnan ang artista, kumindat ito bago tuluyang naglakad palayo.

Siguro isang buong minuto iyon na walang nagsalita sa kanilang lahat na nasa silid.

“Okay!” sabi ng direktor para basagin ang katahimikan. “Thank you for coming. Sasabihan ka na lang ng resulta. Iya, paki-escort na si Mr. Romano sa labas.”

At nang makalabas ang lalaki, bumunghalit silang lahat ng tawa.

“Kindat nang kindat!” sabi ni Manay Orly na manager ni Nicole. “Akala ko may sakit, eh. Alam mo 'yun? 'Yung hindi ma-control ang muscles sa mukha?”

Nagtatawanan pa rin sila nang muling may kumatok sa pinto. At nang mapalingon sila roon,

nakita nilang nakasilip si Bailey. Ngumiti na si Lizzie at tumayo para salubungin ang kaibigan. Hindi niya napansing muling natahimik ang silid.

“Sorry po. Sabi po kasi n’ung nasa labas pumasok na raw po ako,” nahihiya nitong saad.

“Okay lang,” sabi ni Manay Orly na nakatingin pa rin sa kaibigan niya na para bang hulog ito ng langit.

Katabi nito ang direktor na si Direk Roggie. Batikan itong direktor ng mga pelikula at teleserye. Kaibigan ito ng client nila at ang chismis ay natalo ito sa pustahan kaya pumayag na i-direct ang susunod na commercial ng fast food chain. Biro nito na gusto raw kasi ng kliyente na manalo rin sa *MMFF* ang ad nito kaya siya ang kinuhang direktor.

Pinagmamasdan nito si Bailey. Nakaawang ang mga labi nito at nakalapat pa sa dibdib ang mga palad na para bang nahihirapan itong huminga.

“Ano’ng... sino’ng... Mag-a-audition ka ba?” tanong ni Direk.

Namula si Bailey at mabilis itong umiling. “Hindi po.” Itinuro siya nito at agad na lumapit sa kanya. Kulang na lang ay gamitin siya nitong panangga. “Kasama po ako ni Lizzie. Ako po’yung artist ng creative team.”

Nagtinginan ang manager at ang direktor bago muling tumingin sa best friend niya.

“Mag-audition ka na, hijo. Subukan mo lang,” panghihikayat ng direktor dito.

“Kumbinsihin mo siya, Lizzie,” sabi naman ni Manay Orly. “Subukan lang niya kahit isang take lang. Tingnan natin kung may chemistry sila ni Nicole.”

Inabot ng manager ang braso ni Bailey at halos kaladkarin ito palapit sa dalaga. Namimilog ang mga mata ng lalaki habang nakatingin kay Lizzie pero minuwestrahan na lang niya itong sumama na kahit pa parang gusto niya itong hablutin at itakas.

At bakit hindi? Animo’y scene sa pelikula ang mga sumunod na nangyari. Parang slow motion na lumapit sina Bailey at Manay Orly kay Nicole na nakapuwesto pa rin sa mesa, nakatulala, nakaawang ang bibig habang nakatingin sa best friend niya.

Sa isip ni Lizzie, parang nagkaroon pa ng maliwanag na halo palibot sa dalawa nang tumayo si Nicole, na slow motion din, at inilahad ang palad kay Bailey. Nakatalikod man sa kanya ang kaibigan, alam niyang may adorable itong ngiti habang nakikipagkamay sa dream girl nito.

Muli silang natahimik lahat habang pinapanood ang dalawang namatanda na yata sa pagkakatingin lang sa isa’t isa at nagsi-shake hands. Parang huminto ang oras sa loob ng silid.

Nagtaas ng dalawang kamay si Direk Roggie

habang nakatingin sa kisame para mag-thank You kay Lord habang parang naiiyak sa galak si Manay Orly na pinagmamasdan ang pagkabuo ng alam nitong pinakabagong love team na pagkakakitaan—este, i-ma-manage! I-ma-*manage*—nito. Sigurado siyang nakakakita na ng peso signs ang bakla.

At si Lizzie? Nanatili siya sa kinatatayuan, tahimik din, pinagmamasdan sina Bailey at Nicole na mukhang nagsisimula nang ma-in love sa isa't isa, at iniisip kung saan, saan ba siya nagkamali.



“Nangyari ’yun talaga, di ba?” tanong ni Bailey sa kanya habang nagmamaneho ito. Pauwi na silang dalawa galing sa audition kung saan agad-agad na inialok ng mga producers sa binata ang role.

“Ang alin? Iyong paggiging commercial model mo bigla?” walang-buhay na tanong ni Lizzie.

“Hindi! Na nakilala ko si Nicole Hernandez!”

Bumuntong-hininga siya. “Yes, Bailey. Nakilala mo si Nicole Hernandez,” sabi niya na flat pa rin ang tono. “At magiging commercial model ka.”

Maingat itong nagpalit ng lane habang binabagtas nila ang C5 bago siya muling sinulyapan.

“Okay ka lang ba?” tanong nito, nag-aalala. Nahalata na sigurong wala siyang enerhiyang

makipag-usap.

“Pagod lang ako. Napuyat ako kagabi kasi may deadline akong hinabol.”

“Pahinga ka na lang kaagad pag-uwi natin.” Saglit ulit silang natahimik bago ito muling nagsalita. “Okay lang naman ’yun, di ba?” tanong nito na parang biglang nagdalawang-isip.

Pinagmasdan na niya ang kaibigan. “Kaya mo ’yun. Pero alam mo, ang concern ko ay kung kaya mo ba kapag sikat ka na? Eh, mahiyain ka pa naman.”

Bumunghalit ng tawa si Bailey. “Gan’un? Sikat agad?”

Pero seryoso si Lizzie. “Iba ang pakiramdam ko sa commercial na ’to, Bae. Maganda kasi ’yung timing niya. Relevant sa buhay ng bida ’yung concept. Saka hindi mo ba nakita ’yung reaksiyon ni Direk Roggie at ni Manay Orly kanina? They know a gold mine when they see one, Bailey. Sisikat ang love team ninyo ni Nicole, sinasabi ko sa ’yo.”

“Tek, teka, teka.” Binalingan siya nito sandali, nanlalaki ang mga mata. “I signed up for one commercial, Lizzie. Paanong napunta sa love team?”

Tinapik niya ito sa balikat. “Trust me.”

“Hindi ako handang magkaroon ng ka-love team.”

“Kahit si Nicole?”

Saglit itong natigilan. “Well, kung si Nicole—”

He laughed when she snorted. “Samahan mo ako sa shooting ha,” lambing nito sa kanya. “Ayokong mag-isa lang ako d’un. Wala na nga akong kilala d’un, first time ko pang sasabak sa gan’un. Kailangan ko ng suporta.”

“Kailan ba kita hindi sinuportahan?” Kahit nga masakit todo suporta pa rin siya rito.

Inabot nito ang kamay niya nang huminto sila sa stoplight.

“Thanks, Lizzie.”

Bumuntong-hininga siya. “You’re welcome, Bailey.”



Chapter

Three

*M*agkasabay silang dumating sa feasibility meeting para sa commercial. Doon ipinakilala si Bailey sa client na halatang nagustuhan ang binata. Habang kausap nito ang kaibigan, hinawakan ni Manay Orly ang braso ni Lizzie at iginiya siya papasok sa conference room kung saan gaganapin ang meeting.

“Lizzie, may itatanong ako,” simula nito habang isinasara ang pinto. “Boyfriend mo ba si Bailey?”

Sa panaginip ko po. “Hindi po.”

“Pero matagal na ba kayo magkakilala?”

“Opo. Kababata ko po siya.”

“So... single siya?”

Hindi alam ni Lizzie kung kakabahan siya sa

tanong ni Manay Orly o ano. “Ah, opo. Pero ano po... straight po siya.”

Tumaas ang mga kilay ni Manay Orly bago ito malutong na tumawa. “Gaga!” sabi nito na hinampas pa siya sa braso, halatang aliw na aliw sa kanya. “Hindi para sa ’kin! Although guwapo siya, ha,” sabi pa nito na nakanguso bago muling tumawa. “Pero hindi talaga para sa ’kin, para kay Nicole. Maganda kasi ang pakiramdam ko sa kanilang dalawa. Bagay sila. Mas bagay pa kesa n’ung si Jairus. Gusto ko ang aura ni Bailey. Boy-next-door na mukhang romantic hero. Pang-matinee idol. Gusto ko siyang kuning artista.

“Naitanong ko lang sa ’yo kung kayo para mapagplanuhan na kung paano natin gagawin. Mahirap kasi kapag may sabit, alam mo na. May mga fans na talagang naloloka kahit na katabi lang tumawid sa pedestrian lane ng idol nila ang ibang babae maliban d’un sa ka-love team niya!”

Marami pang sinabi si Manay Orly at tumango-tango na lang si Lizzie kahit hindi niya naintindihan ang kalahati sa mga iyon. Paano, nagulo ang mundo niya. Si Bailey? Kukunin nitong artista? Pinoproblema na nga niya iyong pagsikat nito kapag naging commercial model ito, ngayon, ito pa!

Gusto niyang sabihing hindi papayag ang best friend niya. Mahiyain kasi iyon, introvert. Ayaw na

ayaw na nagiging sentro ng atensyon kahit pa dapat ay sanay na si Bailey dahil nga kahit saan ito magpunta ay pinagtitinginan ito ng mga babae. Hindi kasama sa mga pangarap sa buhay ng kaibigan niya ang sumikat.

Pero sino siya para sabihin iyon kay Manay Orly nang hindi alam ni Bailey? Sino siya para gawin ang desisyon na iyon para sa lalaki? Manager lang ang peg?

Bumalik siya sa kasalukuyan nang hampasin siya ni Manay Orly sa braso. Pero parang hindi naman nito nahalatang napunta na pala sa Pluto ang diwa niya.

“Kaya ’ayan,” pagtatapos nito sa litanyang hindi naintindihan ni Lizzie. Bumukas ang pinto at nagsimula nang pumasok ang ibang mga kasama sa meeting. “Kakausapin ko na rin siya mamaya. Thank you, Lizzie, ah.”

Bineso pa siya ng manager bago siya nito iniwan para maupo sa isa sa mga silyang nakapalibot sa mahabang mesa.

Pumasok na rin si Bailey. Kasabay nito si Nicole. Parang gusto niyang hablutin ang braso ng best friend niya, kaladkarin ito palabas, pasakay sa kotse nito. Siya na ang magmamaneho hanggang sa dulo ng Pilipinas para maitakas niya ito kay Manay Orly at kay Nicole na rin na malaki ang ngiti at nagba-blush habang kausap ng lalaki.

God, pati si Bailey nagba-blush din!

Bagay kasi sila, alingawngaw ng tinig ni Manay

Orly sa isip niya.

Hindi, 'no! Mas bagay kaya kami!

Natauhan lang siya nang tawagin siya ng boss nila ni Bailey na siya ring pinakamalapit niyang kaibigan kasunod ng lalaki.

Matangkad, malaki ang katawang pang-bodybuilder at balbasin ang guwapo niyang boss. Hector Sanchez, Jr. ang pangalan nito... sa umaga iyon, sa harapan ng nanay at tatay nitong miyembro ng *Philippine Army*. Pero pagdating sa opisina, ito na si Hershey, isang madaldal, maloko at, in his own words, ay “classy and fabulous” na closet bading na isa rin sa pinaka-loyal na taong nakilala ni Lizzie.

“Ready na kayo?” tanong nito sa kanya nang maupo sila sa magkatabing mga silya. Tumango siya at bumuga ng hangin, pero agad ding napuno ng tensyon ang katawan niya nang maupo sa tapat niya si Bailey na nakikipaghagikgikan pa rin kay Nicole.

Huminto lang sa paghaharutan ang dalawa nang tawagin ng kliyente ang atensyon nilang lahat para simulan na ang meeting.

Matapos ipakilala sa isa't isa ang mga naroon sa conference room, inanyayahan ng kliyente ang creative team na i-present ang final storyboard para sa commercial. Si Hershey ang unang nagsalita,

pagkatapos ay ipinakilala nito si Lizzie para mag-present para sa team. Na-impress lalo ang mga kliyente nang sabihin niyang si Bailey rin ang gumuhit ng storyboard.

Matapos niyang magsalita, pinag-usapan nila ang mga detalye kung paano iyon isu-shoot at kung may input pa ang kliyente.

Lunch na nang matapos ang meeting. Sa labas ng conference room, mahigpit siyang niyakap ni Hershey at inangat pa mula sa sahig.

“Ang galing mo talaga!” masaya nitong sabi bago siya muling ibinaba. “Di talaga ako nagkamaling ikaw ang piliin para sa project na ‘to.”

“Eh, lahat naman ng alam ko, sa ‘yo ko natutunan, Hersh.”

“Siyempre naman,” mayabang nitong sabi.

Sabay silang napatingin sa pintuan ng conference room nang makitang papalabas doon sina Bailey, Nicole at Manay Orly. Binalingan niya si Hershey nang kurutin siya nito sa braso bago siya nito pinandilatan at ngumuso sa direksyon ng conference room. Alam kasi nito ang tunay niyang nadarama para kay Bailey. Minsan kasi siya nitong napaamin, kasabay ng pagpapaamin niya ritong baklita talaga ito.

Nagkibit-balikat lang siya at tumirik ang mga mata ni Hershey.

Nanatili silang nakatayo roon, nagtitinginan, pero pareho silang nakikinig sa pinag-uusapan nina Bailey at Manay Orly. Inaya ng talent manager ang kaibigan niyang mag-lunch pero nag-sorry si Bailey dahil kailangan daw nitong tumanggi. Sa susunod na lang daw. Sandali pang nag-usap ang mga ito bago tuluyang nagpaalam sa isa't isa.

“Yung offer ko, ha,” paalala ni Manay Orly. Kahit hindi narinig ni Lizzie ang ‘offer’ nito, may idea na siya kung ano iyon.

“Sige po, pag-iisipan ko po,” sabi ni Bailey bago siya nakita. Ngumiti ito, sumenyas sa kanila ni Hershey ng ‘sandali lang’ bago nito muling binalingan ang mga kasama.

“Sige,” sabi ng talent manager. “Nasa ’yo naman na ang number ko. Tawagan mo lang ako pag nakapagdesisyon ka na, ha.”

“Opo.”

Nakipagkamay si Bailey kay Manay Orly bago binalingan si Nicole.

Sabay niyang nadama ang hapdi sa puso dulot ng selos at ang sakit sa braso dulot ng pinong kurot ni Hershey nang tumungo si Bailey at halikan sa pisngi si Nicole. Sabay pang nag-blush ang dalawa nang tumuwid ang kaibigan niya. Alam ni Lizzie na maging siya ay namumula sa mga oras na iyon dahil sa sama

ng loob.

Lumapit na si Bailey sa kanila. Alam niyang nagpipigil ito ng ngiti at umikot ang mga mata niya rito bago ito nagpakawala ng nahihiyang tawa.

“Pa-cute pa ang lolo,” ani Hershey na hinampas pa ang braso ni Bailey na as usual ay nauwi sa papisil-pisil nito sa biceps ng kaibigan. “Ang tigas talaga ng muscles,” bulong nito.

Si Lizzie naman ang humampas kay Hershey habang tumatawang lumayo si Bailey.

“Papasok pa ba kayo? Babalik ako sa opisina ngayon. May pupuntahan pa ba kayo?”

Nagkatinginan sila.

“Kain tayo sa labas?” tanong ng best friend niya.

Nagkibit-balikat siya at binalingan ulit ni Bailey si Hershey. “Ilalabas ko na lang muna si Lizzie.”

“Ay, sige, go! Pakainin mong mabuti. Ilibre mo ng sine, bigyan ng flowers, chocolates... ’tapos masahehin mo na rin. Gamit ka ng scented oils.” Kinurot na niya ito at malakas na humalakhak ang boss.

Bago pa siya nakapagsalita, nagpaalam at mabilis nang tumakas si Hershey at hinabol ang mga papasakay sa elevator. Pinanood niyang sumakay ito roon, kumaway sa kanya bago tuluyang nagsara ang mga pinto niyon.

“Tara na,” aya ni Bailey.

She smiled sweetly at him. “Aba, buti naalala mo pang nandito ako.”

Biglang kumunot ang noo nito sa kanya. “Nakalimutan ba kita?”

Nagsimula siyang maglakad. “Hindi ka kaya nakikinig kanina n’ung ipinapaliwanag ko ’yung storyboard.”

“Ano?” Hinawakan siya nito sa braso para masabayan siya sa paglalakad. “Nakinig ako, Lizzie! Proud na proud pa nga ako sa ’yo. Sinabi ko pa kay Nicole na magaling ka talaga sa mga ganyan kasi magaling ang imagination mo.”

“Si Nicole na naman,” pabulong niyang saad pero hindi iyon narinig ni Bailey.

“Saan mo gustong kumain?”

“Hindi ko alam. Parang gusto ko na lang umuwi.”

Napalitan ng concern ang pagkalito sa mukha nito. “O bakit? Masama ba ang pakiramdam mo?”

Bumuntong-hininga siya para mas lalo siyang magtunog pagod. “Hindi naman. Pagod lang siguro talaga ako.”

Inakbayan siya ni Bailey at hinila palapit para alalayan siya. Siyempre, todo sandal naman siya rito. “Sige na. Uwi na lang tayo. Pero daan lang tayo ng supermarket sandali. Ipagluluto kita ng favorite mong pork sinigang para gumanda ang pakiramdam mo.”

Hindi niya napigilan ang masayang ngiti. At tumawa si Bailey bago siya nito hinalikan sa noo at pinindot na nito ang call button para sa elevator.



Dumerecho sila sa condo unit niya matapos silang mag-grocery.

“Magpahinga ka na muna,” udyok ni Bailey habang inilalabas nito ang mga pinamili nila mula sa paper bag. “Ako na’ng bahala rito. Tatawagin na lang kita kapag handa na ang lunch.”

“Hindi. Okay lang ako dito,” sabi niya na nauupo sa isa sa mga stools sa kitchen island. “Papanoorin na lang kita.”

“Okay,” sabi nito. Tumalikod ito para dalhin ang mga lutuin sa lababo niya.

Nangalumbaba si Lizzie habang pinapanood ang likod ng kaibigan.

Naka-long sleeve, button-down shirt ito na puti, hindi naka-tuck in, at nakatupi hanggang sa siko ang mga manggas. Kitang-kita roon ang lapad ng likod ni Bailey pati ang outline ng matitigas na muscles doon. Mahaba rin ang maskulado nitong mga legs sa suot nitong jeans.

Kung ulam lang, okay na sa kanya binata. Ipagsaing na lang siya nito.

“Kailangan mo ng tulong?” alok niya.

“Hindi, okay na ’ko.” Hindi siya nito nilingon. Sa halip ay dinala nito ang mga hinugasang gulay sa kitchen counter para hiwain ang mga sahog.

“Kausapin mo na lang ako.”

Sandali pa niya itong pinanood bago siya nagtanong. “Ano’ng gagawin mo tungkol sa offer ni Sir Orly?”

Nagpatuloy sa paghihiwa ng talong si Bailey. “Hindi ko alam, eh. Sa tanang buhay ko, hindi ko naisip na may mag-aalok sa ’king mag-artista.”

“Bakit hindi? Alam mo namang guwapo ka.”

Mahina itong tumawa at tinapunan siya ng tingin. “Sa ’yo lang naman ako guwapo.” Umikot ang mga eyeballs ni Lizzie at muling tumawa si Bailey bago nito binalikan ang ginagawa. “Basta, hindi ko naisip ’yun. Now, this. Gusto ko na ayoko, alam mo ’yun? Gusto ko kasi malaki ang kita. Mabilis akong makakaipon. Ayoko kasi ano’ng kapalit n’un? Makikilala ako ng mga tao. Walang privacy. Puwede nila akong diktahan ng dapat kong gawin... Kahit hindi naman ako sumikat nang todo, makikilala pa rin ako ng mga tao pag nag-artista ako, di ba?”

“Pero okay ka lang mag-commercial model.”

“Iba kasi ’yun. Kahit pa ilang commercials ang gawin ko, ang makikilala lang ng tao, eh, ’yung

mukha ko. Pagkatapos ng isang commercial, wala na. Makakalimutan na nila ako hanggang sa may lumabas ako ulit na commercial. Iba kapag artista, eh.”

Alam ni Lizzie na iyon ang pinakamalaking dahilan kung bakit nagdadalawang-isip ang kaibigan. Ayaw nitong makilala at maging sentro ng atensyon.

Gusto niyang gatungan ang pag-aalangan nito pero nakokonsyensa siya dahil alam niyang gagawin niya iyon dahil ayaw niyang sumikat ang kaibigan for selfish reasons. Ayaw niyang may kaagaw o kahati rito. Pero hindi iyon fair para kay Bailey.

Kumuha na ito ng kaldero para simulan nang magluto at tumayo na rin siya para siya na ang magsaing.

“Alam mo, sa ’kin lang, puwede ka namang hindi magpadikta ng kailangan mong gawin kung ayaw mo,” sabi niya nang tumayo siya sa tabi nito sa counter.

Sinulyapan siya nito. “Pero paano kung gusto kong magpakalasing sa isang bar? ’Yung totoong lasing, ha. ’Yung hindi ako magkandagulapay sa dami ng nainom ko. Hindi ko p’wedeng gawin ’yun kasi mababalita ako kapag artista ako.”

Pinangingkitan niya ito. “At kailan ka naglasing sa isang bar, aber?”

Nagkibit-balikat si Bailey. “Malay ko ba kung gustuhin ko siyang gawin in the future.”

Bumuga siya ng hangin. “Kung gagawin mo ’yun, college pa lang tayo ginawa mo na ’yun. Aminin mo nang hindi ka lasenggong bad boy type, Bae. Kaya ka nga gusto ni Manay Orly. Bagay daw kayo ni Nicole. Pareho kayong positive ang image.”

Doon hindi niya na-control ang pagka-ampalaya. Kahit kasi siya na tutul sa love team ng mga ito, hindi niya kayang magsinungaling at sabihing hindi bagay ang dalawa. Buti na lang hindi napansin ni Bailey ang bitterness niya dahil mas manhid pa sa pasyenteng sinaksakan ng spinal anesthesia ang lalaki. Kundi ba naman, di dapat noon pa nito alam na may feelings siya para rito.

“Isa pa ’yun,” dagdag niya tatal bitter na rin naman siya. “Makakatangi ka ba kay Nicole, eh, matagal mo nang pinagpapantasyahan ’yun?”

“Oo nga, eh,” walang gatol nitong sagot na nakatingin pa rin sa bintana.

Gusto niyang ibuhos sa lalaki ang hinuhugasan niyang bigas. Para na naman siyang sinikmuraan sa sinabi ng loko. Ganoon na kahalaga si Nicole sa binata na isa na itong malaking factor sa mga desisyon ni Bailey? Mabilis niyang pinalitan ng plastic na ngiti ang madilim niyang simangot nang lumington ito sa kanya.

“Paano kung sabihin kong mag-commercial lang muna talaga ako? Endorsement lang muna. Natakot

kasi ako kanina n'ung sinabi ni Sir Orly na gusto niyang ako na ang partner ni Nicole sa susunod niyang teleserye.”

“Agad-agad? Alam ba niyang wala kang background sa pag-arte?”

“Yun din ang sinabi ko. Sabi lang niya, puwede naman daw akong mag-acting workshop.”

Muling kumunot ang noo ni Lizzie. Ganoon din yata kadeterminado si Manay Orly na makuhang artista si Bailey. Mukhang planado na nito ang lahat.

Bumuntong-hininga siya at inabot ang braso ng kaibigan. “Bae, listen. Ikaw lang ang makakapag-decide kung ayaw o gusto mo ito. Kahit ano ang desisyon mo, suportado kita. Isipin mo lang kung kaya mo kasi alam mo naman ang kapalit ng pagiging artista o commercial model mo. Magiging busy ka. Yayaman ka. Sisikat ka. Obviously, mababago nang todo ang buhay mo. Kaya mo ba 'yun? Kasi 'yun naman ang mahalaga, kung gusto mo at kaya mo.”

Hindi kaagad nagsalita si Bailey na nakatingin lang sa kamay niya sa braso nito. Binitawan nito ang hawak na kutsilyo at tinakpan ang kamay niya. Hinaplos ng hinlalaki nito ang buko ng mga daliri niya. Natuon din tuloy doon ang atensyon ni Lizzie. Parang nanikip ang dibdib niya at nagkuyom ang sikmura niya kahit pa napakainosente lang ng ginagawang iyon ni Bailey.

Para naman kasing walang kabastusan sa katawan ang lalaki. Kung maghuhubad siya sa harapan nito baka isipin lang nitong naiinitan siya imbes na gusto niya itong i-seduce.

Kung di lang niya ito mahal, iisipin niyang bakla ito eh. O kaya ay gustong magpari. Pero hindi niya kayang isipin iyon dahil masakit, 'no! Kaya niyang labanan lahat ng mga babae pero hindi si Lord kung Siya ang gusto ni Bailey.

“Sa totoo lang, gusto kong subukan,” pagkuwa’y sabi nito. “Para kasing exciting. Saka naiisip ko ‘yung kikitain ko. Kapag nakaipon ako, matutupad ko na rin ‘yung pangarap ko... ‘yung pangarap ni Mama na magtayo ng mga boarding house sa Baguio.”

Doon kasi nag-relocate ang pamilya ng binata nang atakehin sa puso ang papa nito at kinailangang mag-early retirement. Maganda kasi ang klima at mas kaunti ang stress kumpara sa Maynila, at iyon pa ang paboritong lugar ng ama nito. Kasama ng mga magulang ang limang nakababatang kapatid ni Bailey na pawang mga babae at ito lamang ang naiwan sa Manila.

Gusto sana ng mama nito ng iba pang mapagkukunan ng income pero wala silang pangkapital para magsimula ng business. Mula kasi nang atakehin sa puso ang papa nito, si Bailey na ang

naging sole provider ng pamilya.

Pinlano nitong i-give up ang condo nito noong una para makadagdag sa panggastos ng pamilya pero ipinaglaban iyon ng mama nito. May ipon naman daw sila at kaya pa raw ng pamilya kaya hindi kailangang magsakripisyo nang ganoon ni Bailey. Alam kasi nitong pinagtrabahuhan ng binata iyon at matagal na nitong pangarap ang magkaroon ng sariling tirahan.

Iyon lang, malaking gastos din talaga ang mga gamot ng papa nito. Isa pa, nag-aaral pa lahat ng mga kapatid ng lalaki.

Ngumiti siya rito. “Kapag natapos mo itong series ng commercials para sa client natin, baka maipagpatayo mo pa si Tita ng limang boarding house.”

Napangiti ang kaibigan at pinisil nito ang kamay niya bago iyon binitawan para maituloy ang gagawing pagluluto. “Basta ikaw ang gagawa ng copy para sa mga ads ng boarding houses ko ha. Bigyan mo ako ng malaking discount.”

She snorted. “Aba, kung napakayaman mo na at nakapagpatayo ka na ng limang bahay, bayaran mo na ang fee ko nang walang discount, ano! Kuripot na ’to!”

Natawa nang malakas si Bailey at kinurot ang ilong niya. “Bilisan na nga natin! Nagugutom na rin ako.”

Hinalikan siya nito sa sentido bago ito nagtungo sa

cabinet kung saan niya itinatago ang mga kaldero niya.

“Bae?”

“Yeah?”

“You’re going to do this, aren’t you?” tanong niya habang pinapanood na maghalungkat ito sa cabinet. “Tatanggapin mo ’yung alok ni Manay Orly? Mag-aartista ka talaga?”

Nilinging siya nito. “Hindi ’yun ang gusto ko sa buhay pero parang ’yun ang pinakamabilis na paraan para matupad ko ’yung totoo kong pangarap. Kung makakaipon ako kaagad, di ‘goodbye, showbiz’ na.”

Mabagal na tumango si Lizzie. “Basta kapag sikat ka na, ’wag mo ’kong kakalimutan, ha. Best friends pa rin tayo.”

Tumawa ito at binalikan siya para yakapin. “Oo naman. Tayo pa ring dalawa sa huli.”

He meant sila pa rin ang magkaibigan. Iyon talaga ang ibig sabihin nito, kahit pa gustong bigyan ng ibang kulay ni Lizzie ang mga kataga. Silang dalawa pa rin sa huli.

Bumuntong-hininga siya. May tiwala siya kay Bailey pero hindi niya alam kung bakit parang sa kabila ng sinabi nito, nakadama pa rin siya ng takot at pag-aalinlangan.